


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 3

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 4:
## Paggamit ng Pahiwatig upang Malaman ang Kahulugan ng mga Salita



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Paggamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Aristhea C. Labrador | |
| **Editor/Tagasuri:** | Arnie P. Taclap/ Riela Angela C. Josol | |
| **Tagaguhit:** | | |
| **Tagalapat:** | Glyna A. Mabbagu | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent | |
| | Lourma L. Poculan | - Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | - Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | - Chief, Education Supervisor SGOD |
| | Riela Angela C. Josol | - Education Program Supervisor- Filipino |
| | Bernie P. Laranjo | - Public Schools District Supervisor |
| | Ronillo S. Yarag | - Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | - Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



## *Alamin*

Gamit ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

a. Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan (katuturan o kahulugan ng salita, sitwasyong pinaggamitan ng salita, at pormal na depinisyon ng salita). (**F3PT-Ic-1.5)**

| Aralin 4 | Paggamit ng Pahiwatig Upang Malaman ang Kahulugan ng mga Salita Tulad ng mga Palatandaang Nagbibigay ng Kahulugan |
|---|---|



## *Balikan*

Tingnan ang mga larawan na nasa ibaba, hanapin sa kahon ang salitang katugma nito. Isulat ang tamang sagot sa inyong kwaderno.

| gulay | aklat | sabaw | unan | baso |
|---|---|---|---|---|



A. hikaw - ______



B. sulat - _______



C. bahay - _______



D. buwan - _______



E. laso - ________



# *Tuklasin*

Itanong:

Ano ang bukid? Nakapunta na ba kayo sa bukid? Ano ang mga makikita sa bukid? Ano ang ibig sabihin ng bukid?

Halina at sama-sama tayong mamasyal sa bukid sa pamamagitan ng tulang ating babasahin ngayon. Tuklasin natin ang kagandahan ng lugar na ito.

**Sa Bukid**

**Ninais** ko'y simple lamang na buhay
Hindi man napakayaman basta't **matiwasay**
Ibig kong tumira sa gitna ng bukid
Sa pook na tahimik at may **luntiang** paligid.

Dito'y kay gandang **pagmasdan** ng palay
Tinutukoy itong simbolo ng buhay
**Sariwa**ng prutas iyong matitikman
Sariwang gulay, hatid ay kalusugan.

Malinis na tubig ang iyong makikita
Asul ang kulay na lubhang kayganda
Samyo ng hanging sariwa
Walang amoy ng basura.

**Tanong:**

1. Ano ang inilalarawan sa tula?
2. Saan nais tumira ng nagsasalita sa tula?
3. Paano inilalarawan ang buhay na ninais sa unang taludtod?
4. Anong salita ang tinutukoy ng pariralang *walang amoy*?
5. Paano binigyang kahulugan ang mga salitang nakasalungguhit sa tula?



## *Suriin*

Isang paraan ng pag -alam ng kahulugan ng salita ay ang unawain ito ayon sa gamit sa pangungusap. Kung sa minsang pagbasa ay hindi makuha ang kahulugan, basahin itong muli.

**Halimbawa:**

Basahin ang mga salita at kahulugan nito at ang gamit nito sa pangungusap.

**A.** Maganda - kaakit -akit
**(Maganda ang mukha ng isang reyna.)**

**B.** Pareho - pantay

**(Pareho na ang iskor ng dalawang grupo.)**

**C.** Itinakwil - itinaboy

**(Itinakwil ng magsasaka ang mga hayop na nakasisira ng kanyang mga pananim.)**

**D.** Maginoo - mabait

**(Ang isang batang maginoo ay dapat tularan)**



## *Pagyamanin*

**Gawain A**

Gamit ang mga salitang may salungguhit mula sa tula, alamin ang kahulugan nito. Hanapin sa kahon ang tamang sagot. Isulat ang sagot sa inyong sagutang kwaderno.

| | | |
|---|---|---|
| **berde** | **simoy** | **presko** |
| **tingnan** | **ibig o gusto** | **kasaganahan** |

1. Matiwasay - ____________________
2. Sariwa - ____________________
3. Ninanais - ____________________
4. Pagmasdan - ____________________
5. Samyo - ____________________
6. Luntian - ____________________

**Gawain B**

Hanapin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kwaderno.

1. Ang aming lugar ay **payapa** dahil walang kaguluhang nagaganap dito.

A. tahimik B. kilala C. mapagmahal

2. Masayang **iwinagayway** ng mga kawal ang watawat ng Pilipinas.

A. pinag-aaway B. isinampay C. ipinapagaspas

3. Ang **nakatiwangwang** na lupa ay tinatamnan ng iba't ibang gulay.

A. bukas B. bakante C. madamo

4. Nanghahakot ng mga **butil** ng palay ang langgam.

A. salop B. gramo C. bungkos



## *Isaisip*

Isang paraan ng pag -alam ng kahulugan ng salita ay ang unawain ito ayon sa gamit sa pangungusap. Kung sa minsang pagbasa ay hindi makuha ang kahulugan, basahin itong muli.

## *Tayahin*

**Panuto:** Maaaring gawing gabay ang diksyunaryo sa pagtuklas ng kahulugan ng mga salita na may salungguhit. Hanapin sa kahon ang tamang kahulugan nito at isulat sa kwaderno ang inyong sagot.Titik lamang ang isulat.

| | | |
|---|---|---|
| **a. taglay** | **b.handaan** | **c. tila** |
| **d. kilalanin** | **e. palatandaan** | |

_____ 1. May punsyon sa bawat tahanan tuwing araw ng pista.

_____ 2. Nakaugat na sa bawat Pilipino ang paggalang sa nakakatanda.

_____ 3. Ang bayanihan at damayan ay tatak Pilipino.

_____ 4. Tanging-tangi mandin ang kagandahang loob ng mga Pilipino.

_____ 5. Dakilain natin ang mga kaugaliang sariling atin.

# *Karagdagang Gawain*

Piliin sa kahon ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap. Isulat ang sagot sa inyong kwaderno.

1. Itinanong ni Arlyn kay Tessa kung maganda sa kanya ang bagong damit.
2. Pambihira talaga ang kakayahan ni Mang Indong sa pagmamadyik.
3. Harinawang dapuan kami ng kamalasan ng sakit sa taong ito.
4. Pinipilit iwaksi ni Juan ang masamang panaginip.
5. Matibay ang loob ni Tatay Roman na magtrabaho sa labas ng bansa.

| | | |
|---|---|---|
| **pulido** | **lapitan** | **bagay** |
| **kakaiba** | **buo** | **iwaglit** |

# Susi sa Pagwawasto

**Karagdagang Gawain**

1. bagay
2. kakaiba
3. lapitan
4. iwaglit
5. pulido

**Pagyamanin**

**Gawain B**

1. A
2. C
3. B
4. B

**Pagyamanin**

**Gawain A**

1. kasaganahan
2. presko
3. Ibig o gusto
4. Tingnan
5. Samyo
6. Berde

**Tayahin**

1. b
2. a
3. e
4. c
5. d

**Tuklasin**

1. Ang bukid
2. Sa bukid
3. Simple lang
4. Samyo ng hangin
5. Ayon sa gamit sa pangungusap

**Balikan** **Isagawa**

| SALITA | KAHULUGAN |
|---|---|
| tinanaw | Tiningnan,minasdan |
| dambuhala | Higante, malaki |
| sinilaban | Sindihan,sinunog,sinigahan |
| kanayon | Kababayan,kabaryo,kabaranggay |
| tumangay | Kumuha, nadala |

A. sabaw
B. aklat
C. gulay
D. unan
E. baso

# *Sanggunian*


***Mga Larawan***

*https://ph.lovepik.com/image-611714272/hand-drawn-chinese-style-blue-earrings-illustration.html*

*https://ph.lovepik.com/image-401181242/girl-who-writes-homework.html*

*https://ph.lovepik.com/image-400202070/house.html*

*https://ph.lovepik.com/image-500903180/photo-of-the-moons-long-focus.html*

*https://ph.lovepik.com/image-611755039/cartoon-bow-red-ribbon.html*